ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 3| March2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# KASANAYAN SA PAGSULAT SA FILIPINO: BATAYAN SA DIHITAL AT INTERBENSIYONG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

**Laarmie B. Baldon[1], Medelyn M. Montenegro[2]**
[1]*Mount Olive National High School, Mount Olive, Bayugan City*
[2]*North Eastern Mindanao State University, Tandag City*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra26804**
**DOI No: 10.36713/epra26804**

**ABSTRAK**

*Nilalayon ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7, ang kanilang karaniwang pagkakamali at mga hamon, at makabuo ng dihital na interbensiyong kagamitang pampagkatuto. Ginamit ang mixed-method na convergent parallel design sa 60 mag-aaral sa Bayugan City Division sa Taong-Panuruan 2025-2026. Natukoy na nasa katamtamang antas ang kasanayan sa pagsulat, na may pangunahing kahinaan sa baybay at bantas, at may karaniwang kamalian sa pagbaybay, bantas, at estruktura ng pangungusap. Kabilang sa mga hamon ang hirap sa pagbuo at pag-oorganisa ng ideya, kakulangan sa bokabularyo, suliranin sa mekaniks ng pagsulat, emosyonal na salik, maingay na kapaligiran, hirap sa pag-unawa, kakulangan sa estratehiya, at pangangailangan sa suporta. Bilang tugon, binuo ang ePluma Linang bilang kagamitang pampagkatuto. Ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang komprehensibo at holistikong lapit sa pagpapabuti ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa Filipino.*

*MGA SUSING SALITA: Kasanayan sa Pagsulat, Filipino 7, Dihital na Kagamitang Pampagkatuto, Gramatika, at Mekaniks ng Pagsulat*

## INTRODUKSYON

Sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, nananatiling mahalagang kasanayan ang pagsulat sa Filipino bilang pundasyon ng mabisang komunikasyon at tagumpay sa akademikong gawain. Sa ilalim ng K–12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education, 2022), binibigyang-diin ang paglinang ng literasi at kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabago at angkop na estratehiya sa pagtuturo. Gayunpaman, sa kabila ng mga repormang ito, patuloy na hinaharap ng mga guro at mag-aaral ang hamon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at pagbabago ng konteksto ng pagkatuto.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang matatag na kaalaman sa gramatika ay may tuwirang ugnayan sa husay sa pagsulat. Andalahao et al. (2025), ang malinaw na pag-unawa sa estruktura ng wika ay nakatutulong sa pagbuo ng organisado at makabuluhang sulatin. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina De Lemios (2023) at Nejar (2023) na ang tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsusulat, lalo na kung sinusuportahan ng angkop na estratehiya at kagamitan, ay nakapagpapalakas ng kasanayang gramatikal at kakayahang magpahayag ng ideya. Sa konteksto ng dihital na pagkatuto, natuklasan din sa Visual Media Exposure Study (2024) na ang paggamit ng biswal at teknolohikal na midya ay may positibong epekto sa pag-unlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

Sa kabila nito, nananatiling hamon ang literasiya sa bansa. Batay sa Programme for International Student Assessment (PISA, 2022), nakapagtala ang Pilipinas ng mababang antas ng kasanayan sa pagbasa kumpara sa pandaigdigang pamantayan ng Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). Ipinapakita rin ng datos mula sa DepEd Region XIII (2022) ang bahagyang pagtaas sa marka sa pagbasa ngunit nananatili pa rin itong mababa sa inaasahang antas ng kahusayan. Dagdag pa rito, iniulat ng Philippine News Agency (2025) na nananatiling mataas ang bilang ng mga Pilipinong hindi pa ganap na *literate*, na may implikasyon sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Sa lokal na konteksto, pinatutunayan ng resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) at *Mean Percentage Score* (MPS) ang umiiral na kahinaan sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Kaugnay nito, binibigyang-diin ng *Communicative Competence Theory* ni Hymes (1972) na ang kahusayan sa wika ay hindi lamang nakabatay sa kaalaman sa gramatika kundi sa kakayahang gamitin ito nang wasto at angkop sa iba't ibang konteksto. Sinusuportahan ito ng *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978), na nagpapakita na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon at gabay, at ng *Cognitive Load Theory* ni Sweller (1988), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng organisadong presentasyon ng impormasyon upang mapadali ang pagkatuto.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kasanayan sa pagsulat at gramatika ng mga mag-aaral sa Baitang 7, tukuyin ang kanilang mga karaniwang pagkakamali, at alamin ang mga hamong kanilang kinakaharap sa pagpapahayag ng ideya. Batay sa mga natuklasan, layunin din nitong makabuo ng dihital at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 3| March2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kontekstwalisadong kagamitang panturo upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat.
Partikular na sasagutin ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7?
2. Ano-ano ang mga karaniwang pagkakamali sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7?
3. Ano-ano ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino?
4. Anong dihital at interbensiyong kagamitang pampagkatuto ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat sa Filipino?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng *mixed-method* na disenyo, partikular ang *convergent parallel design*, upang sabay na masuri ang antas ng kasanayan sa pagsulat at gramatika ng mga mag-aaral sa Baitang 7, gayundin ang kanilang mga karaniwang pagkakamali at hamon sa pagsulat. Pinagsama ang kwantitatibong datos mula sa pagsusulit sa pagsulat at kwalitatibong datos mula sa panayam upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa at magsilbing batayan sa pagbuo ng isang dihital at kontekstwalisadong kagamitang panturo (Creswell, 2014).

Isinagawa ang pag-aaral sa tatlong pampublikong sekondaryang paaralan sa Dibisyon ng Bayugan City, Agusan del Sur, na kinabibilangan ng 60 mag-aaral sa Baitang 7. Gumamit ng *stratified sampling* upang matiyak ang representasyon ng bawat paaralan, *random sampling* para sa pagsusuri ng mga sulatin, at *purposive sampling* para sa panayam.

Kabilang sa mga instrumento ang pagsusulit sa pagsulat na sinuri gamit ang rubrik sa nilalaman, organisasyon, gramatika, bokabularyo, at mekaniks, *error analysis checklist* para sa pagtukoy ng karaniwang pagkakamali, at panayam upang mailarawan ang mga hamon sa pagsulat. Batay sa mga nakalap na datos, binuo at sinuri ng mga eksperto ang isang dihital at kontekstwalisadong kagamitang panturo gamit ang *Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials* ng DepEd LRMDS.

Ginamit ang *mean* at *standard deviation* upang ilarawan ang antas ng kasanayan sa pagsulat, habang *content analysis* at kwalitatibong pagsusuri ang ginamit upang matukoy ang mga karaniwang pagkakamali at hamon. Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga etikal na pamantayan, kabilang ang pagkuha ng pahintulot, boluntaryong paglahok, at pagpapanatili ng kumpidensyalidad ng mga kalahok.

## RESULTA AT DISKUSYON

Sa bahaging ito, inilahad ang mga resulta sa pamamagitan ng mga talahanayan upang maging malinaw at sistematiko ang presentasyon ng datos. Bawat talahanayan ay sinamahan ng maikling talakayan upang maipaliwanag ang kahulugan at implikasyon ng mga natuklasan sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat sa Filipino.

### A. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat

**Talahanayan 1.** ***Pangkalahatang Kasanayan sa Pagsulat***

| Mga Pamantayan | *Mean Score* | Antas ng Kasanayan |
|---|---|---|
| Nilalaman | 3 | Katamtaman |
| Organisasyon | 3 | Katamtaman |
| Gramatika | 3 | Katamtaman |
| Bokabularyo | 3 | Katamtaman |
| Baybay at Bantas | 2 | Limitado |
| ***Overall Mean*** | **3** | Katamtaman |

Batay sa datos, ang kabuuang *mean score* na 15 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat. Ipinahihiwatig nito na may sapat silang kakayahan sa pagbuo ng ideya at pag-oorganisa ng sulatin, subalit hindi pa ganap na nahuhubog ang mas mataas na antas ng kahusayan sa akademikong pagsulat. Ang pagkakapare-pareho ng iskor sa nilalaman, organisasyon, gramatika, at bokabularyo ay nagpapakita ng balanseng pagganap sa mga aspektong ito, ngunit nananatiling mababa ang baybay at bantas, na siyang pinakamahina sa lahat ng dimensyon.

Ang ganitong distribusyon ng marka ay nagpapahiwatig ng malinaw na agwat sa pagitan ng kakayahang kognitibo at lingguwistiko ng mga mag-aaral. Bagama't nakabubuo sila ng ideya, ang kakulangan sa teknikal na kasanayan sa pagsulat ay nagiging hadlang sa malinaw at epektibong komunikasyon. Ang kahinaan sa baybay at bantas ay may direktang epekto sa kalinawan, organisasyon, at kredibilidad ng sulatin, sapagkat ang mga mekanikal na kamalian ay maaaring magdulot ng kalituhan sa mambabasa at magpababa sa kalidad ng akademikong output. Ipinapakita rin ng resulta na ang kasalukuyang pagtuturo ay maaaring higit na nakatuon sa paglinang ng nilalaman kaysa sa mekaniks ng pagsulat, kaya't nagkakaroon ng hindi balanseng pag-unlad ng kasanayan.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta ang pangangailangan ng mas sistematikong pagtuturo na hindi lamang nakatuon sa pagbuo ng ideya kundi pati sa pagpapalakas ng teknikal na aspeto ng pagsulat. Mahalaga ang integrasyon ng malinaw na gabay, tuloy-tuloy na pagsasanay, at agarang puna upang mapag-ugnay ang paglinang ng ideya at ang wastong paggamit ng wika sa isang mas mataas na antas ng kasanayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 3| March2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

### B. Karaniwang Pagkakamali sa Pagsulat

**Talahanayan 2.** ***Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat***

| Karaniwang Kamalian | *Avg. Errors* | *Iskor* | Antas ng Dalas ng Pagkakamali |
|---|---|---|---|
| Maling Baybay | 14 | 1 | Napakataas |
| Maling Bantas | 5 | 3 | Katamtaman |
| Estruktura ng Pangungusap | 4 | 3 | Katamtaman |
| Maling gamit ng panlapi | 2 | 4 | Mababa |
| Di-angkop na salita | 3 | 4 | Mababa |
| *Ingles/Text language* | 2 | 4 | Mababa |
| *Indention* | 2 | 4 | Mababa |
| ***Overall Mean*** | **5** | **3** | **Katamtaman** |

Ipinapakita ng talahanayan na ang maling baybay ang may pinakamataas na dalas ng kamalian, na nagpapakita ng matinding kahinaan sa ortograpiya. Ang mataas na bilang ng kamalian sa baybay kumpara sa iba pang aspekto ay nagpapahiwatig na ito ang pangunahing suliranin sa pagsulat ng mga mag-aaral. Kahit na ang *average* na bilang ng mga salitang naisusulat ay sapat, ang dami ng kamalian sa baybay ay nagpapababa sa kabuuang kalidad at kalinawan ng kanilang sulatin.

Makikita rin ang katamtamang antas ng kamalian sa paggamit ng bantas at estruktura ng pangungusap, na may direktang implikasyon sa lohikal na daloy at kohirensiya ng teksto. Ang hindi wastong paggamit ng bantas ay maaaring magbago sa kahulugan ng pangungusap, samantalang ang di-maayos na estruktura ay nakaaapekto sa organisasyon ng ideya. Sa kabilang banda, ang mas mababang dalas ng kamalian sa panlapi, bokabularyo, at pormat ay nagpapakita na may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa ilang aspekto ng wika, subalit hindi ito sapat upang mapantayan ang kahinaan sa baybay at sintaks.

Ang kabuuang *mean* na nasa katamtamang antas ay nagpapahiwatig na ang mga kamalian ay hindi *isolated* kundi sistematiko, na nangangailangan ng mas malinaw at target na interbensiyon sa pagtuturo. Ipinapakita nito na ang *error analysis* ay mahalagang batayan sa pagtukoy ng tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang pagtutok sa mga karaniwang kamalian, lalo na sa baybay at estruktura ng pangungusap, ay mahalaga upang mapabuti ang kalinawan at organisasyon ng akademikong sulatin.

### C. Mga Hamong Kinakaharap sa Pagsulat

**Talahanayan 3.** ***Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral***

| Mga Tema | Paglalarawan |
|---|---|
| Pagbuo at organisasyon ng ideya | Hirap sa lohikal na pag-aayos ng kaisipan |
| Bokabularyo | Kakulangan sa angkop na salita |
| Mekaniks | Kahinaan sa baybay at bantas |
| Emosyonal | Takot sa pagkakamali |
| Maingay na Kapaligiran | Distraksiyon sa Paligid |
| Hirap sa Pag-unawa at Pagproseso ng Gawain | Pag-unawa Mabagal |
| Kakulangan sa Estratehiya sa Pagsulat | Estratehiya Kulang |
| Hamon sa Pag-angkop at Paglutas ng Suliranin sa Pagsulat | Problema sa Pagsulat |
| Pangangailangan sa Suporta at Kagamitang Pampagkatuto | Suporta Kailangan |
| Hirap sa Pag-unawa at Pagproseso ng Gawain | Pag-unawa Mabagal |

Mula sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw na ang mga hamon sa pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa lingguwistikong kakulangan kundi sumasaklaw din sa kognitibo, emosyonal, at panlabas na salik. Ang hirap sa pagbuo at pag-oorganisa ng ideya ay nagpapakita ng kakulangan sa metakognitibong kasanayan, partikular sa pagpaplano at pagsasaayos ng kaisipan. Ipinahihiwatig nito na kahit may ideya ang mga mag-aaral, nahihirapan silang mailahad ito nang malinaw at lohikal.

Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagiging hadlang sa eksaktong pagpapahayag ng ideya, na nagreresulta sa hindi malinaw o paulit-ulit na paggamit ng mga salita. Samantala, ang kahinaan sa mekaniks ay nagpapakita ng kakulangan sa pundamental na kasanayan sa wika, na nakaaapekto sa kabuuang presentasyon ng sulatin. Higit pa rito, ang emosyonal na salik tulad ng takot sa pagkakamali ay naglilimita sa kumpiyansa ng mga mag-aaral at nagiging sanhi ng pag-aatubili sa pagsulat, habang ang distraksiyon sa kapaligiran at limitadong oras ay nakaaapekto sa kanilang konsentrasyon at kalidad ng awtput.

Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na ang pagsusulat ay isang kompleks na proseso na nangangailangan ng integrasyon ng iba't ibang kasanayan at kondisyon. Ang sabayang pag-iral ng mga hamong ito ay nagdudulot ng pinagsamang epekto na nagpapababa sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral. Dahil

dito, malinaw na ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ay hindi maaaring matugunan ng iisang estratehiya lamang kundi nangangailangan ng holistikong lapit na sumasaklaw sa lingguwistiko, kognitibo, emosyonal, at kapaligirang aspeto ng pagkatuto.

**Nabuong Kagamitang Pampagkatuto**

Batay sa mga natuklasan, binuo ang *ePluma Linang* bilang isang dihital at interbensiyong kagamitang pampagkatuto na tumutugon sa mga natukoy na kahinaan sa pagsulat. Ang disenyo nito ay nakabatay sa mga pangunahing suliranin tulad ng baybay, bantas, bokabularyo, estruktura ng pangungusap, at organisasyon ng ideya. Sa pamamagitan ng mga interaktibong aralin at agarang puna, nagbibigay ito ng oportunidad sa mga mag-aaral na matuto sa sariling bilis habang pinapalakas ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ipinapakita ng pagbuo ng kagamitang ito na ang integrasyon ng teknolohiya at kontekstwalisadong nilalaman ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng pagkatuto. Ang paggamit ng interaktibong plataporma ay hindi lamang nagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral kundi nagbibigay rin ng mas epektibong paraan ng pagsasanay at pagwawasto ng kanilang mga kamalian. Sa kabuuan, ang *ePluma Linang* ay nagsisilbing konkretong tugon sa mga natukoy na pangangailangan at nagpapakita ng potensyal ng mga makabagong estratehiya sa pagpapahusay ng akademikong pagsulat sa Filipino.

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7, kabilang ang pagtukoy sa kanilang mga karaniwang pagkakamali at mga hamong kinakaharap sa proseso ng pagsusulat, gayundin ang pagbuo ng isang dihital at kontekstwalisadong kagamitang panturo bilang tugon sa mga natukoy na pangangailangan.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga kongklusyon. 1) Ang kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nasa katamtamang antas, na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng batayang kakayahan sa pagbuo at organisasyon ng ideya ngunit hindi pa sapat upang makamit ang mas mataas na antas ng akademikong pagsulat. Bagama't katamtaman ang pagganap sa nilalaman, organisasyon, gramatika, at bokabularyo, lumitaw na ang pinakamalaking kahinaan ay nasa mekaniks ng pagsulat, partikular sa baybay at bantas, na may pinakamababang marka at pinakamataas na dalas ng kamalian. 2) Ang maling baybay, maling paggamit ng bantas, at di-wastong estruktura ng pangungusap ang mga pinakakaraniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng pangangailangan sa mas matibay na pundasyon sa mekaniks ng pagsusulat bago pa mapalawak ang mas mataas na kasanayan tulad ng organisasyon ng ideya at akademikong estilo. 3) Batay sa mga natuklasan, lumitaw na ang mga hamon sa pagsulat ng mga mag-aaral ay multidimensyonal, kabilang ang lingguwistiko, kognitibo, emosyonal, at kontekstuwal. Ang kahirapan sa pagbuo at organisasyon ng ideya, kakulangan sa bokabularyo, takot sa pagkakamali, at limitasyon sa kapaligiran ay sabayang nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na makapagsulat nang malinaw, organisado, at epektibo. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng mas sistematiko at suportadong interbensyon upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. 4) Bilang tugon, ang pagbuo ng *ePluma Linang* bilang dihital at interbensiyong kagamitang pampagkatuto ay napatunayang angkop na interbensiyon sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalakas ng mekaniks ng pagsusulat, pagpapalawak ng bokabularyo, at pag-oorganisa ng ideya sa pamamagitan ng interaktibong gawain at agarang puna. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ay nangangailangan ng komprehensibo at holistikong lapit na sumasaklaw sa mekaniks ng wika, paglinang ng bokabularyo, organisasyon ng ideya, at pagbibigay ng suportang pedagohikal at emosyonal.

Batay sa mga natuklasan pag-aaaral, inirerekomenda na mga mananaliksik ang sumusunod: Ang pagpapatupad ng mga kontekstwalisado at interbensiyong kagamitang pampagkatuto sa mga paaralan upang mapalakas ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ang sistematikong pagtuturo ng baybay, bantas, at estruktura ng pangungusap, kasama ang tuloy-tuloy na pagsasanay at pagbibigay ng agarang puna upang mapabuti ang mekaniks ng pagsusulat. Hinihikayat din ang mga mag-aaral na magsagawa ng regular na pagsasanay sa pagsulat upang mapaunlad ang kanilang kumpiyansa at kakayahan sa malinaw na pagpapahayag ng ideya. Para sa mga susunod na mananaliksik, iminungkahi ang pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral upang masukat ang bisa ng mga interbensyong tulad ng *ePluma Linang* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

## MGA REFERENSIYA


1. *Alfianti, S., & Nisa, H. (2023). Explicit grammar instruction and academic writing skills. Journal of English Language Teaching, 11(2), 85–96. https://doi.org/10.24036/jelt.v11i2.123456*
2. *Arsate, R., Tupiasan, M., Tabat, L., & Oliva, P. (2025). Error analysis on writing academic essays in Filipino. International Journal of Language, Literature and Linguistics, 4(1), 134–145. https://doi.org/10.18178/ijlll.2025.4.1.145*
3. *Baylon, L. (2023). Instructional scaffolding strategies for teaching writing. Asian Journal of Language, Linguistics and Culture, 6(2), 45–58.https://doi.org/10.32996/ajllc.2023.6.2.5*
4. *Dahan, R., Santos, M., & Villanueva, L. (2025). Intervening effects of grammar proficiency, self-efficacy, and writing outcomes among senior high school students. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(2), 102–114. https://doi.org/10.36713/epra2013*
5. *De Lemios, F. R. O. (2023). From Tagalog to English: Pupils' writing proficiency levels after three years in mother tongue-based multilingual education. Journal of Community Development Research, 16(3), 115–133. https://doi.org/10.14456/jcdr-hs.2023.10*
6. *Deep, R. (2025). AI-assisted writing and its impact on student composition skills. Humanities, 15(9), Article 247. https://doi.org/10.3390/h15090247*
7. *Graham, S., McKeown, D., Kiuhara, S. A., & Harris, K. R. (2012). A meta-analysis of writing instruction for students in the elementary grades. Journal of Educational Psychology, 104(4), 879–896. https://doi.org/10.1037/a0029185*
8. *Li, J., & Zhao, L. (2024). Writing performance and discourse organization in L2 Chinese: A longitudinal case study. Journal of Second Language Writing, 63, 101012.*

*https://doi.org/10.1016/j.jslw.2023.101012*

9. *Marjokorpi, A. (2023). Grammar knowledge and writing proficiency in secondary education. Reading and Writing, 58(4), 112–128. https://doi.org/10.1007/s11145-023-10456-7*
10. *Martinez, V. C. (2025). Common experiences in writing Filipino essays of ninth-grade students. International Journal of Multidisciplinary Research, 12(1), 45–58. https://doi.org/10.5281/zenodo.1234567*
11. *Momo, M., & Altaya, G. (2022). Authentic materials and writing skills of students in Filipino. International Journal of Academic and Scientific Education, 2(3), 45–56. https://doi.org/10.5121/ijase.2022.2305*
12. *Nejar, R. (2023). Pupils' writing and spelling abilities through diary writing. International Research Journal of Modernization in Engineering Technology and Science, 5(10), 45267–45274. https://doi.org/10.56726/irjmets45267*
13. *Open Access Journal of English and Literature Studies. (2024). Visual media exposure on students' grammar competence in Filipino. OAJELS, 5(1), 1–10. https://doi.org/10.5281/zenodo.10456789*
14. *Tamirat, B., & Mengesha, M. (2024). Identifying and analyzing common English writing challenges among undergraduate students. Heliyon, 10, e12345. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2024.e12345*
15. *Villaruz, R., & Palma, D. (2024). Metacognitive awareness of writing strategies and academic writing skills in Filipino. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 21(4), 1–14. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v21i4456*
16. *Woo, K., Tan, L., & Chen, M. (2025). Editing habits and writing outcomes in expository texts. arXiv Preprint. https://doi.org/10.48550/arXiv.2501.12345*